

PROLOGUE

Isa na namang nakakapagod na maghapon ang dumaan sa buhay ni Geri nang araw na iyon. Binitbit na niya ang kanyang bag at inayos ang sarili sa pag-uwi.

Pagkalabas na pagkalabas pa lamang ng opisina ay naulinigan na niya ang tila pagtatalo ng kanyang Ate Mina at marahil ay isang customer.

“Mister, huwag mong ikatuwiran sa pagkakataong ito na ‘The customer is always right!’ Ano’ng malay ko kung naiwan mo lang kung saan iyong sinasabi mong dalawang bundles ng chicken drumstick na binili mo rito kanina. Eh, di sana, nakita na namin kung totoo ngang dito mo iyon naiwan,” malakas na hayag ng kanyang kapatid.

Wala sa sariling napabuntunghininga siya. Talaga yatang hindi na matututo ang kanyang ate kung paano makitungo sa mga customers. Naturingan pa naman itong supervisor.

Nakita na nitong papalapit siya ay hindi pa rin ito nagbababa ng boses. Kaya hindi nakakapagtakang ganoon din ang igting ng tinig ng kausap nito.

“Miss, hindi ko pinag-iinteresang dalawang bundle na iyon ng manok! Pero lalong hindi ko isusuko ang karapatan ko bilang mamimili! Bakit hindi mo muna tanungin ang mga salesclerks ninyo rito?” anang lalaking katalo ng kapatid niya.

“Parang pinalalabas mo pang kami ang may mali, ah!”

“Certainly, there is also a mistake sa parte ninyo, or else wala sana ako rito.” Halatang iritado ang lalaki.

Parang pamilyar ang boses nito, puna niya. Hindi nga lang niya matukoy kung sino ito dahil bukod sa nakatalikod sa kanya ay bahagya pa itong natatabingan ng rack ng kanilang paninda.

Bago pa makarating sa kinatatayuan ng dalawa ay nilapitan na siya ng isa nilang salesclerk na may bitbit na isang plastic bag.

“Ate Geri, heto po iyong bag na naiwan ng customer kanina. Hindi ko maiabot ngayon dahil tiyak na ako ang pagbubuntunan ng galit ni Ate Mina,” nag-aalangan nitong sabi.

Kinuha niya ang plastic bag mula rito. “Sige na, ako na ang bahala rito.”

“Salamat po, Ate Geri.”

Tinanguan lang niya ito at nagpatuloy na sa paglapit sa dalawa.

“Excuse me, ito ba ang bag na hinahanap ng customer?” Malumanay ang tinig niya habang nagsasalita ngunit matalas ang tinging ipinukol sa kapatid.

“Iyan nga,” sagot ng lalaki sa mababa nang boses.

Sabay silang napalingon sa isa’t isa. Siya, mula sa pagkakatitig sa kanyang kapatid at ito naman, mula sa pagkakatingin sa bitbit niyang plastic bag.

“Geri?”

“Joseph!”

Unti-unti nang lumayo sa kanila ang Ate Mina niya. Kinabahan ito nang malamang kakilala niya ang nakatalo nito at talaga namang totoo ang inirereklamo ng lalaki.

“Kumusta ka na?” ani Joseph habang nais mamula ng dalaga sa masusing pag-aaral nito sa kabuuan niya. Hindi na ito nahiyang pasadahan siya ng tingin mula sa bago niyang hairstyle hanggang sa kanyang three-inch-heeled Italian shoes.

“Mabuti,” matiwala niyang sagot dito. After all, sa ayos niya ngayon ay hindi naman nito mahuhulaan ang kahungkagan ng kanyang kalooban, hindi ba?

“Oh, I can see that. But where’s the sparkle?”

Bahagyang bumakas ang pagtataka sa kanyang magandang mukha sa tinuran ng lalaki. *Sparkle daw.* Hindi pa ba sapat ang suot niyang hugis-pusong hikaw at kuwintas na may mga mumunting diyamante?

“Ikaw, kumusta ka na?” tanong na lang niya rito.

“I’m afraid hindi kasing-buti mo ngayon.”

“Bakit? Si Nanay Carmen, may nangyari ba sa kanya?” Nasa tinig niya ang pag-aalala. Sinagian siya ng kaba na baka may nangyari sa matanda. At nagi-guilty siya ngayon dahil hindi niya natupad ang pangakong dadalawin niya ito paminsan-minsan.

“Wala kang dapat ipag-alala. Maayos naman ang lagay niya at nakakapamasyal na ngang mag-isa. Kadarating lang niya galing Hawaii. Tatlong buwan siyang nagbakasyon doon.”

“Pero sabi mo’y..”

“Ako at hindi siya ang hindi mabuti, Geri,” anito habang titig na titig sa kanya.

“Ha? M-may-sakit ka ba?” Wala naman siyang makitang indikasyon na may-sakit nga ito. Malapad pa rin ang pangangatawan nitong puno ng mauumbok na muscles. Mamula-mula ang kutis nito at lalo namang mapupula pa rin pati ang mga labi—mga labing.... Hindi na lang niya itinuloy ang tinutungo ng isip tungkol sa makisig na lalaki.

“Sana’y totoo ang pag-aalalang nakikita ko ngayon sa iyong mga mata.” Nang-uuyam ang anyo at tinig ni Joseph. “But I know you too well to entertain that thought.”

Iniiwas niya ang sarili sa nag-aakusang titig nito, subalit hinawakan nito nang mahigpit ang kanyang baba at pilit na pinapagharap ang kanilang mga mukha.

“Kaya hanggang ngayon ay hindi pa rin ako mapayapa, you took my peace away, Geri.”

Matagal nang hawak ni Geri ang susi ng kanyang sasakyan ay hindi pa rin niya magawang paandarin iyon. Ilang sandali pa siyang nanatili roon bago nagawang buhayin ang makina ng kanyang *Revo*. Pilit na dumadaloy sa kanyang alaala ang una nilang pagkikita ni Joseph....

1

Tulad nang mga huling araw ay maaga na namang makakaubos sina Geri ng mga itinitinda nilang dressed chicken. Mag-a-alas-seis pa lang ng hapon ay limang kilo na lang ang natitira sa mga iyon. At ang kanyang kasiglahan ay tulad pa rin nang kaninang magsimula sila ng pinsan niyang si Lilia.

Dapat pala ay nagpadagdag pa sila sa supplier, naisip niya.

Nagulantang siya nang may biglang kumalabog sa gawing likuran ng kanilang puwesto. Agad namang nagkagulo ang mga tao. Likas na mataas ang kanyang curiosity kaya...

“Lilia, ikaw munang mag-isa rito, ha? Titingnan ko lang kung ano ang kumalabog doon,” aniya sa pinsang kasa-kasamang magtinda.

Hinawi niya ang isang panig ng mga taong nakapaligid doon. Matandang babae pala ang bumagsak.

“Ano ba naman kayo? Bakit hindi ninyo tulungan, eh, nakita na nga ninyong bumagsak itong matanda?” sita niya sa mga tao. Habang sinasabi iyon ay itinataas

naman niya ang ulo ng nakahandusay na babae at ipinuwesto ito sa kanyang kandungan.

Pulos putik ang kaliwang bahagi ng pisngi nito dahil kauulan pa lang noon at nagpuputik ang suwelo ng talipapang iyon.

“Omeng, pakikuha naman ng face towel ko sa Ate Lilia mo,” aniya sa may sampung taong gulang na batang lalaki na nagtitinda ng mga plastic bags sa talipapa.

“Sandali lang, Ate Geri.”

Kaagad nga itong bumalik dala ang hinihingi niya. Matapos niyang mapunasan ang mukha ng babae ay nagpatulong siya sa ilang lalaking naroon na buhatin ito sa bangkitong nasa puwesto nila.

“Maraming salamat, Ineng,” anang matanda habang pinupunasan niya ang naputikang braso, kamay at damit nito.

“Wala pong anuman ’yon, ’Nay,” sagot niya. Nang matapos ay bumaling siya sa pinsan. “Lilia, pakilagyan mo nga ito ng ilang tipak na yelong durog.” Iniabot niya rito ang labakara.

Saglit pa ay dinadampian na niya ang kaliwang cheekbone ng babae ng yelong nakabalot sa labakara.

Napuna niyang nagsisimula nang mamaga iyon. “Bakit po ba kayo bumagsak, ’Nay? Nahilo po ba kayo o napatid ang paa ninyo?” tanong niya.

“Basta’t bigla na lang akong nanghina kanina. Ngayon lang naman ito nangyari sa akin.”

“Nagpapatingin po ba kayo sa doktor?”

“Regular naman ang checkup ko at iniinom ko naman ang lahat ng medications ko.”

“Bakit, may-sakit po ba kayo?”

“Heart burn lang. Nahihya ako sa iyo, Ineng, naabala ka na nang husto.”

“Hindi naman po. Dalawa naman kami sa puwesto at paubos na ang tinda namin. Dapat ay hindi kayo lumalakad nang mag-isa kung ganyang bigla na lang pala kayong nanghihina.”

Likas siyang maawain sa matatanda. Pakiramdam kasi niya ay kung dumating ang pagkakataong ang kanyang ina naman ang mangailangan ng ganoong tulong, ibang tao ang gagawa niyon para rito bilang ganti sa tulong na ibinigay niya sa iba.

“May kasama naman ako, eh,” sabi ng matanda.

“Eh, nasaan po?”

Pagkatanong niyon ay kaagad niyang napansin ang isang lalaking sumusugod sa gawi nila. Muntik na niyang mabitawan ang hawak na labakarang patuloy na idinadampi sa pisngi ng matanda nang lubusang makalapit ang lalaki at kaagad siyang hinawakan nang mahigpit sa braso.

“Ano’ng ginawa mo sa kanya?” Dumadagundong ang boses ng matangkad na lalaki at nahintakutan naman siya.

“Joseph, Hijo, wala siyang ginawang anuman. Siya nga ang tumulong sa akin kaninang bumagsak ako sa semento.”

Tinitigan muna nito ang takot niyang mga mata bago siya bitiwang. “I’m sorry.” Bakas pa rin ang pagdududa sa mga mata nito nang sabihin iyon. “Tita Carmen, bakit naman kayo umalis sa pinag-iwanan ko sa inyo?” baling nito sa matanda. “Sinabi ko namang sandali lang ako. Nagkabukol pa tuloy kayo ngayon sa mukha. Paano kung mas grabe pa riyan ang inabot ninyo?”

“Kaysa sermunan mo ako, magpasalamat ka na lang sa dalagang ito na tumulong sa akin at nang makauwi na tayo,” inip na sagot nito sa lalaki.

“Kung sinunod ninyo ang gusto kong ikuha ko

kayo ng private nurse, hindi na tayo kinakailangan pang magkaroon ng utang-na-loob sa kung kani-kanino.”

Sa narinig ay kaagad na nawala ang pagkatakot ni Geri sa lalaki. Gusto na niya itong bigyan ng isang suntok dahil masama ang tabas ng bibig nito.

“Will you stop treating me like an invalid!” reklamo ng matanda sa pamangkin. “Teka,” sabi nito at bigla ay namutla, “nasaan na ang dala kong wallet? May dala akong wallet kanina bago ako bumagsak,” baling nito sa dalaga.

“Ho? Eh, ’Nay, wala naman kayong hawak kanina nang makita ko kayo. Sigurado ba kayong dala ninyo ’yon?”

“Oo, Hija. Tila nga tumilapon kanina mula sa kamay ko pero nakalimutan ko nang hanapin nang lapitan mo ako.”

“Naku, mahihirapan na po tayong makuhang muli ’yon. Sa dami ng mga taong nakapaligid sa inyo kanina, malamang na isa sa kanila ang nakadampot n’on.”

“Anu-ano ho ba ang laman ng wallet ninyo, Tita Carmen?” sabad ng lalaki.

“Wala naman doon ang credit cards ko at saka less than fifteen thousand na lang siguro ang laman n'on. Kaya lang ay naroroon ang larawan namin ni Jenny,” malungkot nitong hayag.

“Halina kayo, Tita. Huwag na tayong umasa na mababalik pa iyon tulad noong una,” anito habang nakasulyap sa kanya.

Ang mayabang na lalaking ito at ako pa yata ang gustong sisihin! inis na sabi ni Geri sa isip. Unti-unting kumukunot ang kanyang noo habang nakatingin dito. Nabaling naman sa matanda ang kanyang atensyon nang magsalita itong muli.

“Ineng, maraming-maraming salamat ulit sa pagtulong mo sa akin,” anitong hinawakan pa siya sa braso.

“Kahit naman po siguro sino'y gagawin din ang ginawa ko. Mag-iingat na lang po kayo para hindi na kayo madisgrasya sa susunod,” paalala niya rito.

Tumango ito at pinisil pa ang kanyang kamay bago tuluyang umalis. Hindi man lang nagpasalamat sa kanya ang antipatikong lalaki na parang siya pa ang may kasalanan sa nangyari. Ang ganda-ganda pa naman ng mood niya kanina dahil malaki na naman ang benta nila. Tapos sisirain lang ng bruhong iyon.

Sayang, guwapo pa naman, naisip niya. Pero halatang kabaligtaran ng mukha niya ang kanyang ugali.

“Ate Geri, magligpit na tayo,” ani Lilia.

Noon lang niya napunang naubos na pala ang kanilang paninda. “Ha? O-oo, magligpit na nga tayo.”

Saglit pa ay tinatahak na nilang magpinsan ang daan pauwi sa kanila. Iisang compound lang ang tinitirhan nila kaya sabay rin sila sa pagpunta sa talipapa.

“Ate Geri, ang guwapo naman ng mama na sumundo roon sa matanda, ano? Sayang, kung hindi lang siya parang naglilihi sa kasungitan, bagay sana kayo.”

Ikinagulat niya ang sinabi nito. “Ano ka ba naman, Lilia, halatang mayaman ang mga iyon samantalang tayo’y—”

“Yayaman pa lang,” agaw nito sa kanya, sabay tawa.

Nahawa na rin siya rito. “Ang totoo niyan,” aniya nang mahimasmasan, “pagbali-baligtarin man ang mundo, hindi ko masisikmurang mahalín ang ganoong klaseng lalaki. Posible pa siguro kung

nagkataong hindi nga siya guwapo pero maganda naman ang kalooban niya.”

“Kalimutan na nga natin ang taong iyon.”

“Tama ka, hindi siya karapat-dapat na pag-usapan at nakakasira lang ng mood.”

Inabutan ni Geri ang ina na nakaupo sa rocking chair sa kanilang balkonahe. Agad niyang hinawakan ang kamay nito. “Mano po, Mama.”

“Kaawaan ka ng Diyos,” sagot ni Aling Naty. “Hala, maglinis ka na ng katawan mo at kakain na tayo pagkatapos.”

“Bakit naman hindi pa kayo kumain kanina? Baka malipasan kayo ng gutom niyan.”

“Maaga pa naman, Anak. Mukhang madali na naman kayong nakaubos ng paninda, ah.”

“Opo nga, Ma. Kaunti na lang at—” Kamuntik na niyang masabi rito ang sorpresang inililihim pa niya. “Ang ibig kong sabihin, mabilis na maubos ang paninda namin dahil maaga pa’y marami na kaming naibebenta.”

“Salamat naman at patuloy na dinidinig ng Diyos

ang panalangin ko, Anak. Alam ko kasing malaki rin ang nabawas sa savings mo nang magkasakit si Tonton.” Ang tinutukoy nito ay ang anak ng kanyang Ate Mina.

“Huwag na po ninyong alalahanin iyon, Mama. Naibalik ko na sa bangko ang nabawas sa naimpok ko.”

Bunso si Geri sa apat na magkakapatid. Ang kanilang panganay na si Francis ay sundalo ng Philippine Army at may sarili nang pamilya. Ang sumunod naman na si Armand ay nagloko sa pag-aaral at hindi na nakapagtapos hanggang sa magkaasawa na; ngayon ay mensahero ito sa isang kompanya sa Makati. Si Mina naman niya ay hindi rin nakatapos ng pag-aaral. Nasa final year na ito ng kursong Mass Communications nang mabuntis ng boyfriend. Palibhasa ay hindi pa handang magpamilya, natakot ang nobyong magpakasal dito hanggang sa magkahiwalay na lang sila.

Patapos na silang kumain mag-ina nang muling magsalita si Aling Naty.

“Anak, bukas ba ng tanghali ay may gagawin ka?” tanong nito.

Saglit na nag-isip si Geri. “Pupunta lang po ako

sa bangko pero sa umaga naman iyon, bandang alas nueve. Bakit po?”

“Pasasama sana ako sa iyong magpa-checkup sa doktor.”

“Bakit po, Mama, may dinaramdam po ba kayo?” nag-aalala niyang tanong.

“Medyo. Madali kasi akong mapagod nitong mga huling araw at parang lagi akong walang gana sa pagkain.”

Nahalata niyang sinisikap lang ng kanyang ina na pasiglahin ang sarili upang hindi siya mag-alala; dahilan para lalo siyang mabalisa. “Kasi naman, Ma, sinabi ko nang tigilan n’yo na ang pagkuha ng mga orders ng tocino at longganisa. Pagod na nga kayo sa paggagawa, pagod pa rin kayo sa pagdadala ng mga iyon sa bahay ng mga customers n’yo.”

“Iyan na nga lang ang napaglilibangan ko, eh, aalisin mo pa,” reklamo nito.

“Eh, kung pinapatay n’yo naman ang sarili n’yo sa pagpapagod dahil doon, hindi na paglilibang ’yon. Bukas ng umaga, pagkagaling ko sa talipapa ay sasamahan ko kayo sa doktor at baka kung ano na ’yan.”

“Ang inaalala ko lang, Anak, ay gastos na naman ito.”

“Ma, huwag ninyong alalahanin ang gastos. May nakalaan talaga akong budget para sa mga ganitong pagkakataon. Ang importante’y sapat ang inyong makuhang medical attention.”

“Naaawa na kasi ako sa iyo. Mula nang mamatay ang iyong ama ay ikaw na ang nagpasan ng pamilyang ito.”

“Pag-uusapan na naman ba natin ’yan? Sige na ho, magpahinga na kayo’t ako na ang bahalang mag-imis dito sa kusina.”

Bago namatay ang ama ni Geri ay napatapos muna siya nito sa pag-aaral. Graduate siya ng Commerce pero nahirapang makahanap ng trabaho. Nakapagtrabaho nga siya sa opisina pagkaraan ng ilang pag-a-apply ngunit contractual lang ang naging status niya. Matapos ang maiikling stints niya sa dalawang pinasukang kompanya ay nagpasya na lang siyang huminto muna sa paghahanap muli ng panibagong mapapasukan.

Pilit niyang kinumbinsi ang ina na palitan ito sa puwesto sa pagtitinda sa talipapa at manatili na lang ito sa bahay. Sa kapapakiusap niya ay pumayag din

ito subalit hindi pa rin tumigil sa paggawa ng tocino at longganisa.

Sa pagdaan ng mga araw ay napatunayan niyang tama ang kanyang naging desisyon. Dahil nga sa bata siya at mas malakas, bukod pa sa nai-apply niya sa pagtitinda ang strategy na natutunan niya sa paaralan tungkol sa pagpapatakbo ng negosyo, halos madoble ang kanilang tinutubo ni Lilia sa puwesto nila sa talipapa.

Weak lungs ang diagnosis ng doktor na sakit ni Aling Naty matapos itong ma-x-ray at makunan ng iba pang tests.

“Ipinapayo ko ho, Misis, na bawal ang magpagod at magpuyat sa panahon ng inyong medication. Madali hong i-treat ang sakit ninyo, pero maaari ho itong mauwi sa tuberculosis kung hindi ninyo susundin ang mga ipagbibilin ko. Ang pinakamainam hong cure diyan ay pahinga, masustansyang pagkain, sariwang hangin at magaan na ehersisyo lamang. At mas mapapadali ang inyong paggaling kung tama sa oras at dosage ang pag-inom ninyo ng gamot,” mahabang tagubilin ng doktor.

Nang pauwi na sina Geri at Aling Naty ay hindi

kumikibo ang kanyang ina.

“Ano na naman ba ang iniisip ninyo?” tanong niya rito. “Wala ngang sinabi ang doktor na bawal ang mag-isip pero kung may bumabagabag diyan sa loob n’yo, hindi rin kayo mapapahinga nang maayos.”

“Iniisip ko kasing kung ilang buwan din akong mapapahinga sa pagto-tocino. Sayang naman ang kikitain ko sana sa mga panahong iyon,” may panghihinayang na sabi nito.

“Ma, alam ko kung ano talaga ang inaalala ninyo. At palagay ko’y panahon na para kumilos naman si Ate sa pagbuhay sa kanilang mag-ina.”

Hindi na lang ito kumibo sa sinabi niyang iyon. Alam ni Geri na natumbok niya ang totoong ikinababalisa ng ina.

2

Kanina pa tawag nang tawag ang batang si Omeng kay Geri habang nagtitinda ang dalaga. Tinatanong niya kung ano ang kailangan nito sa kanya pero ayaw namang magsalita ng bata.

“O sige,” aniya rito, “kung hindi mo masasabi ngayon ay hintayin mong kumonti ang mga mamimili at saka kita haharapin.”

Umalis muna ang bata at nagpatuloy sa pagtitinda; gayundin ang ginawa niya. Nang mapuna nitong mangilan-ngilan na lang ang namimili ay agad itong muling lumapit sa kanya.

“Ano ba ang sasabihin mo’t may pasekre-sekreto ka pa riyan? Huwag mong sabihing nagkaka-crush ka na?” biro niya rito.

“Ate Geri naman, eh, hindi! Tungkol ito sa wallet n’ong matandang babae na tinulungan mo noong isang araw.”

“Ha!” gulat niyang reaksyon. “Nasaan na iyong wallet?”

“Tinago ko. Nakita ko kasi sa tabi ng basurahan

kaya lang wala nang lamang pera.”

“Nakita mo ba kung naroroon pa iyong picture na sinasabi ng matanda?”

“Oo. Kaya ko nga nalamang sa kanya iyong napulot ko’y dahil doon sa litrato. Teka lang, ha, at kukunin ko sandali.”

Nang bumalik ito ay dala na nga ang isang leather wallet. Halata kaagad ng dalaga na mamahalin iyon.

“Kaya lang, Ate Geri, huwag mong sasabihin doon sa lalaking kasama n’ong matanda na ako ang nagbigay sa iyo niyan, ha. Baka ipapulis ako n’on, eh. Mukha pa namang suplado.”

“Bakit ka naman ipapupulis, sabi mo nga napulot mo ito na wala nang laman. Pero hayaan mo, sasabihin ko na lang na may nakapulot nito pero wala nang pera. Sa pagkakarinig ko naman ay interesado lang iyong matanda sa kanyang picture. Baka nga isang araw ay bumalik iyon dito para hanapin ito.”

Hindi nga naglipat-linggo ay bumalik si Doña Carmen sa talipapa. May kasama pa itong babae na tingin ni Geri ay maid nito.

“Hija,” anito sa dalaga, “bumalik ako rito dahil

may proposisyon akong gustong ialok sa iyo. Iyon ay kung pagtitiwalaan mo ako.”

“Ano pong proposisyon?” Gusto niyang magtaka sa sinasabi ng matanda sa kanya. Bago ito nakasagot ay muli niya itong pinaupo sa bangkitong inupuan nito noon.

“Dahil sa nangyari ay napilitan akong pumayag sa gusto ng aking pamangkin na kumuha ng isang private nurse. Pero alam kong hindi nurse ang kailangan ko kundi companion lang, isang taong puwede kong makausap at makasama sa aking pamamasyal. At dahil nga magaan ang loob ko sa iyo, naisip kong sa iyo ko ialok ito.”

“Eh, 'Nay, papaano naman po itong puwesto ko?” malumanay niyang sabi. “At saka mas kailangan ako ng aking mama ngayon dahil may-sakit din siya.”

“Isipin mo na lang na doble ng kinikita mo rito ang ipasusuweldo ko sa iyo. At bago ka tumanggi, pag-isipan mo munang mabuti ang iniaalok ko sa iyo, Hija. Narito ang calling card ko; tawagan mo ako kung sigurado ka na sa desisyon mo.” Iniabot nito ang calling card na dinukot mula sa leather bag nito.

“Salamat po,” sagot niya. “Bago ko nga pala makalimutan, may nagsauli po ng inyong wallet sa

akin. Kaya lang ay wala na po iyong pera. Picture na lang po ang naiwan.”

“Talaga! Salamat sa Diyos.” Umaliwalas ang mukha nito.

Matapos niyang maiabot ang pitaka kay Doña Carmen ay bakas na bakas ang kasiyahan sa mukha nito.

“Ngayon, kailangan ko na talagang ipa-reproduce ang picture na ito,” kuwento nito. “Nawawaglit kasi sa isip kong gawin iyon noon. Alam mo kasi, Hija, wala na ang negative nito at iilan lang ang aming larawan ng aking si Jenny.”

“Huwag po kayong magagalit, pero sino po ba si Jenny?”

“Siya ang kaisa-isa kong anak na namatay.”

Kinagabihan, matapos mapatulog si Ton-ton ay nagkaharap-harap ang mag-iinang sina Geri, Aling Naty at Mina.

“May-sakit si Mama, Ate Mina,” simula ng dalaga. “Tatlong buwan siyang mangangailangan ng sapat na pahinga; mahina kasi ang kanyang baga. At sa loob ng panahong iyon ay hindi siya puwedeng magpagod

at maghanapbuhay.”

“Kasi naman kayo, Mama, eh,” mabilis na paninisi ni Mina, “sinasagad ninyo ang inyong sarili sa pagtatrabaho. Paano na ngayon? Magtu-tuition na si Ton-ton sa pre-school niya; wala pa naman akong ipon.”

Kung hindi lang mas matanda sa kanya ang kapatid ay nabatukan na niya ito at baka sakaling matuwid ang baluktot nitong katuwiran. Pinigilan niya ang pag-alpas ng inis.

“Wala namang problema roon, eh. Di ikaw ang sumalo sa hanapbuhay ni Mama,” suhestyon niya.

“Naku, Geri, excuse me! Hindi bagay sa akin ang paggawa ng tocino. Ikaw na lang, dahil sanay ka namang maglamutak ng malalansang manok sa palengke,” ismid pa nito.

“Iluminada!” saway ni Aling Naty. “Baka nakakalimutan mo nang ang trabahong iyan ang ibinuhay ko sa inyong magkakapatid. At lahat kayong apat ay naturuan ko sa paggagawa ng tocino.”

Kahit alam ni Mina na nasaktan ang kanilang ina sa sinabi nito ay nagpatuloy pa rin ito sa pagsagot. “Ma, may hanapbuhay naman ako, di ba? Bakit n’yo ba ako ipinagsisiksikan sa trabahong iyan?”

“Hanapbuhay mo bang matatawag ang pagtitinda mo ng mga beauty products?” mainit ang ulo na sabad niya. “Samantalang mas madalas na abonado pa ang Mama kapag dumadating na ang due date mo sa pagbabayad ng mga iyon. Gatas nga lang ng anak mo, eh, hindi mo mabili.”

“At ano ang gusto mong palabasin?” Nagpamaywang ito at taas-noong binalingan si Geri. “Na may karapatan ka nang ganyan-ganyanin ako dahil ikaw ang nagpapakain sa aming mag-ina, ganoon?”

Nakita niya ang bahagyang pag-iling ng kanilang ina sa papainit nilang pagtatalo kaya pinilit na lang niya ang sariling maging mahinahon sa pagsagot sa kapatid. “Ang sinasabi ko lang naman, Ate Mina, kung ang kinikita mo riyon sa pagdi-direct selling ay hindi napupunta sa pagpapaganda at luho mo, hindi mo na kinakailangan pang akuin ang pagto-tocino ni Mama.”

“Bakit, ako lang ba ang umaasa sa Mama? Si Kuya Armand din naman, ah.”

“Si Kuya, lumalapit lang kapag nagigipit dahil nagkakasakit ang mga anak niya. Pero may trabaho siyang tumutustos sa pangangailangan ng kanyang pamilya. Hindi tulad mo na lahat na lang ng bagay

ay iniaasa mo sa amin ng Mama,” pahayag niya.

Susugurin na sana siya ng kapatid ngunit maagap na sumaway ang kanilang ina. “Mina! Geri! Tama na ang pagtatalong ito.”

Siya na lamang ang unang tumalikod sa mga ito. Hindi niya maipapangakong hindi niya papatulan si Mina.

Nakapasok na siya sa sariling silid nang muling magsalita ang kanyang ate.

“Tingnan mo nga kung umasta ’yang anak ninyo, Ma. Para bang siya lang ang marunong magmalasakit sa inyo.”

“Alam mong hindi iyan ang ibig sabihin ni Geri, Mina. Pare-pareho ko kayong mahal bilang mga anak ko. At kung talagang may malasakit ka nga sa akin bilang iyong ina, pag-aralan mo na ngayon kung papaano maging responsable lalo na sa iyong anak, Hija.”

Habang inaalis ni Geri ang mga perang natitira pa sa hinubad niyang apron na gamit sa palengke ay may nakapa siyang hindi korteng pera. Saka pa lang niya naalala ang tarhetang bigay ng matandang

natulungan niya. Binasa ang nakalagay roon: *Carmen Sunico*.

Pamilyar sa pandinig niya ang pangalan. Parang lagi na niyang nababasa iyon sa mga pahayagan. Unti-unting nagliwanag sa kanyang memorya na ito ang kilalang kolumnista sa pinakatanyag na diyaryo sa bansa. Hindi na nga lang ito nagsusulat ngayon sa pahayagan subalit noong high school pa lamang siya ay tagasubaybay siya nito sa column nitong *Travel The Islands* na lumalabas tuwing Sabado.

Matagal siyang nag-isip. Tinimbang-timbang niya ang proposisyon ng matanda at ang kondisyong pinansyal ng kanilang pamilya. Matagal bago siya nagpasyang matulog na, subalit wala pa rin siyang nabuong desisyon.

Kapag nag-iimpok ng pera ang isang tao, madalas na hindi sa mga pinaglalaanan nito iyon napupunta. Tulad na lamang nang umagang iyon.

Nagliglipit na sina Geri at Lilia sa kanilang puwesto sa palengke nang pahangos na dumating ang kapatid ng una. Malayo pa ito ay nakikipagpustahan na ang dalaga sa sarili na pag-alis nila sa talipapa ay siguradong sa bangko ang kanilang tuloy.

“Geri, nasa hospital ngayon si Bea,” simula ng lalaki. “Dalawang araw na siyang naka-confine doon, eh. Meningitis ang suspetsa ng mga doktor na sakit niya. Dumaan ako sa Mama pero wala na raw siyang kita ngayon. May-sakit pala siya, hindi ninyo man lang ipinaalam sa amin. Alam ko namang wala kaming maibibigay na tulong pinansyal pero—”

“Kuya,” putol niya rito, “pasensya ka na pero ang akala ko kasi’y naibalita na ni Ate Mina sa inyo. Alam mo naman kung gaano ako kaabala at siya naman ang mas maraming spare time. Kumusta na ang lagay ng bunso mo ngayon?”

“Hindi pa rin bumababa ang lagnat, pero hindi na siya kinukumbulsyon. Di paris noong isugod namin siya sa hospital.”

“Gaano katagal na ba siyang nilalagnat?”

“Mahigit isang linggo na. Hindi nga lang namin madala sa doktor dahil wala pa akong suweldo noon.”

“Kuya, pag mga emergencies na ganoon ay huwag ka nang magdalang-hiya na lumapit sa akin. Sino pa ba ang tutulong sa inyo kundi kami ring kapamilya mo. Hinintay mo pang lumala ang sakit ng pamangkin ko.”

Napayuko ito. “Napakarami ko na kasing nahiram

sa inyo ng Mama.”

Tinapik na lamang niya ito sa balikat at matapos ipagkatiwala ang kanilang benta kay Lilia ay lumakad na sila patungong bangko.

Tila nagulat pa ang nasa kabilang linya nang tumawag si Geri at magpakilala sa taong nakasagot ng telepono.

“O, Hija! Matagal ko nang hinihintay ang tawag mo. Ang akala ko’y hindi ka na interesado,” may galak sa tinig na sabi ni Doña Carmen.

“Eh, Ma’am, noong una kasi’y ayaw ko sana, pero nagbago na po kasi ang isip ko. Pero kung may nakuha na kayong iba, okay lang po,” mabigat ang loob na sabi niya.

“Actually, wala pa akong nakukuhang iba. Isinasama ko lang ang isang katulong dito sa bahay kapag umaalis ako. At ngayong ganyan na interesado ka, ang mabuti pa’y pumunta ka na rito para makapag-usap tayo nang mabuti tungkol dito.”

“Salamat po, Ma’am.” Nabuhayan siya ng loob sa sinabi nito.

“Alam mo, Hija, mas gusto ko ang una mong

Maging Tapat Ka Lang - Cher Lim

tawag sa akin noon. At kung magkakasundo tayo sa iyong pagtatrabaho sa akin, ngayon pa lang ay ibalik mo na ang tawag mong ‘Nanay’ sa akin, okay?”

“Kung siya po ninyong gusto, ‘Nay.”

“That’s better.”

3

Gustong malula ni Geri sa laki at rangya ng bahay ng mga Sunico. Hindi niya inakala na mansyon pala ito at hindi basta simpleng bahay lamang. At sa palagay niya ay kukulangin ang isang oras kung susundin niya ang ibig ni Doña Carmen na ilibot siya sa lahat ng silid niyon.

“Pareho lang po tayong mapapagod kapag lilibutin natin ngayon ang buong kabahayan,” sabi niya. “Tutal naman ay dito rin ako titira habang naglilingkod ako sa inyo, marami pa pong ibang pagkakataon para maipakita ninyo sa akin ito.”

“Tama ka, Hija,” sang-ayon ng matanda. “Pasensya ka na’t masyado yata akong excited ngayon. Bueno, dito ka na magtatanghalian, ha? Sabayan mo ako sa pagkain.”

Alumpihit siya sa huling sinabi nito. Hindi pa kasi siya nagbibigay ng final na desisyon sa kanyang ina tungkol sa trabahong iyon. At siya man kanina bago pumunta roon ay hindi tiyak kung magkakasundo sila ni Doña Carmen sa mga kondisyones ng pagtatrabaho niya rito.

Ngunit matapos nilang mapag-usapan iyon, hindi na niya matanggihan ang napakagandang alok nito.

“Eh, ’Nay Carmen, maaga pa naman po at saka gusto ko po munang ipaalam sa aking ina ang bagay na ito,” sabi niya bilang pagpapaalam. “May mga aasikasuhin pa po ako tungkol sa puwesto namin sa palengke. Maaari po bang bukas na lang ang pagsisimula ko?”

“Naiintindihan kita, Hija. Anong oras mo gustong sunduin ka ng driver ko bukas?”

“S-susunduin pa po ako?”

“O, eh, bakit ka nagulat? Alangan namang mag-taxi ka pa mula sa inyo. Baka mamaya, may maiwan ka pang mga gamit. Marunong namang mag-drive ang mayordoma ko kung kailanganin kong umalis habang sinusundo ka ng driver.”

Hindi niya naiwasang hagkan ang pisngi ng matanda sa kabaitan nito. “Salamat po nang marami, ’Nay Carmen.”

Kung sinunod ni Geri ang nais ni Doña Carmen na roon na ito mananghalian ay malamang na magdalawa o magtatlong isip pa ito na bumalik sa

mansyon. Wala pang limang minuto na nakakaalis ang dalaga ay dumating si Joseph.

“Tita Carmen, hindi ko maintindihan kung anong panggayumang mayroon sa inyo ang ganyang uri ng mga tao,” kunot-noong sabi ng lalaki nang malaman ang desisyon ng tiyahin. “Bakit ba gustung-gusto ninyong kumupkop ng mga ganoon?”

“Joseph, hindi porque may sumira na isa sa kanila ng ating pagtitiwala ay pagbibintangan mo nang ganoon silang lahat,” katuwiran ng matanda.

“I can provide you with ten private nurses—professional ones—at hindi ang isang gaya lang ng tinderang iyon. What do you see in her, anyway? Baka mamaya ay prinsesa pala iyon ng mga mangungulimbat sa palengke.”

“You never trusted me as far as assessing people is concerned, do you?”

“Hindi naman sa ganoon, Tita. Pero ano ba talaga ang rason mo at ipinagpipilitan mong i-hire ang babaeng iyon?”

“Kayo talagang mga kabataan, you often judge people by their social status. No wonder ay nag-fail kang makita ang tunay na kulay ni Claudine.”

Pagkarinig sa sinabi ng tiyahin ay biglang tumalikod si Joseph at nagpakawala ng malalim na buntung-hininga.

“I’m sorry if I had to mention that woman’s name. Gusto ko lamang na makita mo ang punto ko.”

“That’s exactly the point, Tita. Hindi ko makita kung ano ang nakikita mo sa babaeng iyon,” tukoy nito kay Geri.

“Look at the world through your heart, Hijo,” payo ni Doña Carmen. “Hindi ang ipinapakita lamang ng tao ang iyong titingnan at hindi ang sinasabi lamang niya ang iyong pakikinggan.”

“Hindi talaga ako mapapanatag nang lubos sa pagtira mo sa mansyon ng mga Sunico, Geri. Mula’t sapul naman, Anak, ay hindi ka nawalay sa akin,” sabi ni Aling Naty.

Gusto niyang matawa sa pag-aalala ng ina. Kaya na-spoil at nagrebelde noon ang kanyang ate ay maaaring dahil na rin sa sobrang pag-aalaga ng ina sa kanila. Siguro, kung hindi siya parating nagsasasama sa kanyang kuya noon, malamang na na-baby rin siya at hindi natutong maging independent. Ganoon pa man, pinahahalagahan pa rin niya ang pagmamahal

ng ina.

“Ma, malaki na ako’t kaya ko nang i-handle ang sarili ko. More or less ay may idea na ako kung makakasundo ko o hindi ang isang tao. At parang hindi rin kayo nagkakalayo ni Doña Carmen sa kabaitan.”

“Kuu! Kakikilala mo pa lang sa matandang iyon ay nasabi mo na kaagad na mabait,” may tampong sabi nito.

“Ang Mama talaga.” Nangingiti si Geri sa tila pagmamaktol ng ina. “Anuman po ang sabihin ninyo’y nakapagbitiw na ako ng salita kay Doña Carmen na magtatrabaho ako sa kanya bilang personal assistant. Isa pa, mabuti na ring malayo ako sandali dito para mabawasan naman ang tensyon sa pagitan namin ng Ate Mina.”

“Ayaw kong isipin na kaya ka lang aalis ay dahil sa madalas ninyong banggaang magkapatid, Geri.”

“Of course not. Oportunidad sa akin ang trabahong ito para mapalawak ko pa ang aking nalalaman at kumita nang malaki. Kilala ninyo naman siguro ang dating kolumnista at kung gaano karaming lugar ang kanyang napupuntahan. Please, Ma, ibigay na ninyo sa akin ang inyong blessing sa pag-alis ko sa bahay

natin. Weekly pa rin naman tayong magkikita, eh. Off ako ng Linggo, sabi ni Doña Carmen.”

“O siya, sige na, Anak. Panalo ka na. Pero ipangako mo sa aking mag-iingat ka roon, ha?”

“Promise, Ma.” At hinalikan pa niya ito sa noo at niyakap nang mahigpit. Alam niyang mami-miss din niya ito nang husto.

Hindi inaasahan ni Geri ang isang napakalaking transformation na gagawin sa kanya ni Doña Carmen.

“Hindi sa minamaliit ko ang kasimplehan ng lifestyle na nakasanayan mo, Geri. Kaya lang, sa sosyedad na ginagalawan ko’y may imaginary circle silang inilagay para lang sa mga taong accepted nila. Alam mo na, iyon lang mga inaakala nilang ka-level at karapat-dapat sa loob ng sirkulo. Hindi mo magugustuhan ang paraan ng kanilang pananakit once may narinig o nakita sila mula sa iyo na inaakala nilang hindi tanggap sa sosyedad. Pareho nating alam na mas masakit ang nai-inflict na hapdi ng mga salita kaysa sa actual physical blow, Hija,” paliwanag nito.

“Nauunawaan ko po kayo, ’Nay Carmen.”

“Salamat naman kung gayon, Hija. Kung sa

lahat din lamang ng mga lakad ko'y kasama ka, kakailanganin mo ang lahat ng pagbabagong ito. Bagaman habang kasama mo ako ay walang magsasalita laban sa iyo, hindi naman kita maitatabi sa akin sa lahat ng oras, di ba? Kaya sa mga ganoong pagkakataon kita ihahanda.”

Naging mabilis ang sumunod na mga araw. At dahil nakapag-aral naman si Geri ay hindi naging mahirap para sa kanya ang magbago nang naaayon sa ginagalawang sosyedad ni Doña Carmen.

Ang wastong pagkilos, pananalita, pati na rin ang pag-adapt sa wastong fashion sense ay natutuhan niyang lahat sa kanyang tutor na nagtuturo sa isang finishing school.

Ang lahat ng kanyang wardrobe at gamit ay binago rin ng matanda. Ilang araw silang gumagala sa mga sikat na boutiques at lahat ng aayon sa kanyang panlasa ay binibili nito.

“Nay Carmen, I don't think na may pagkakataon pa akong isuot lahat ang mga ito,” aniya na ang tinutukoy ay ang napakaraming damit at accessories na napamili na nila. “Huwag po kayong ma-o-offend, pero I still think na pag-aaksaya lang ng pera ang lahat ng ito.”

Natawa ang matanda. “Then, we have the same opinion, Hija. Ganyan din ang palagay ko sa mga sosyalang aking dinadaluhan—mga pag-aaksaya lamang lahat ng pera. Pero hindi natin puwedeng baguhin ang kalakaran ng mundo, Hija. Ang importante, sa gitna ng karangyaang nakikita at nararanasan mo ay you know what you want, what you value most and what makes you happy.”

Unti-unti nang nakapag-adjust si Geri sa bago niyang buhay sa mansyon ng mga Sunico. Maging ang madalas nilang pagpunta sa kung saan-saang okasyon ay nakakasanayan na rin niya. Kung dati-rati ay bahay at talipapa lamang ang iniikutan ng kanyang mundo, ngayon ay nabaligtad nang lahat iyon.

Isang gabi ay pinag-aayos siyang muli ni Doña Carmen. May dadaluhan daw silang birthday party ng isa nitong kamag-anak at gaganapin iyon sa isang five-star hotel. Ngunit bago siya makapagbihis ay pinatawag muna siya nito.

“Geri, Hija, mamili ka muna ng isusuot mong alahas sa mga ito.”

Isang malaking jewelry box ang inilabas ng matanda mula sa built-in safe sa silid nito. Kay raming

pares ng mga mamahaling alahas ang tumambad sa kanyang harapan.

“Naku, ’Nay Carmen! Hindi ko po maisusuot ang mga iyan at baka mawala sa akin. Ang mamahal pa naman tiyak ng lahat ng iyan, eh, hindi ko po mababayaran.”

“Bakit ba iisipin mong mawawala? Sige na, pumili ka na nang inaakala mong babagay sa isusuot mong gown.”

“P-pero—”

“Huwag ka nang tumutol,” putol ng matanda. “Hindi angkop sa naka-gown ang walang alahas na suot,” pamimilit pa nito.

Nag-aalangan pa rin si Geri nang kunin niya ang isang set ng alahas na gawa sa South Sea pearls. Subalit alam niyang iyon ang pinakaangkop sa napili niyang isusuot sa cream-colored gown.

Sa bulwagan ng *Hotel Inter-Continental Manila* ginanap ang pagdiriwang ng may kaarawan. Bunsong kapatid pala ng ama ni Doña Carmen ang birthday celebrator, at malalapit na kaibigan at kamag-anak lang ang pawang imbitado.

Hindi alam ng dalaga kung bakit nakakaramdam

siya ng kaba nang gabing iyon samantalang maraming beses na siyang naisasama ng matanda sa mga pagtitipon. Mas pormal nga lamang ang isang iyon.

Dahil nga medyo kinakabahan, minabuti niyang bumuntot na lamang dito saan man ito gumawi. Napuna naman iyon ni Mitch, apo ng celebrator.

“Tita,” anito kay Doña Carmen, “baka naman puwedeng hiramín ko muna sa ’yo itong si Geri? Walang makikilalang boys ito kung sasama lang lagi sa iyo.”

Kapapasok pa lamang nila kanina ay nakilala na niya si Mitch. At dahil madaldal ang babae ay magaan kaagad ang loob niya rito.

Tumango naman ang matanda. “Why not, if she wants to.”

Agad siyang hinila ni Mitch at wala na siyang nagawa kundi ang sumama rito.

Ipinakilala nga siya ng babae sa mga pinsan nitong binata. Magagalang naman ang mga ito at saglit pa ay isa-isa nang nakipagsayaw sa kanya.

Unti-unti nang na-e-enjoy ni Geri sa party. Medyo pagod na siya sa kasasayaw ngunit parang hindi pa rin maubos-ubos ang mga nais makipagsayaw sa

kanya. Wala rin siyang ideya na hinahangaan ng mga ito ang simple elegance na ipino-project niya.

Ikawalong sayaw na niya kay Mike, ang batambatang doktor na unang nakipagsayaw sa kanya. Simple lamang ito at pino kaya agad nitong naalis ang tensyon niya kanina.

Mayamaya ay naulinigan niya ang tinig si Mitch. “O, nandito na pala ang paboritong pamangkin ni Tita Carmen. Joseph, kailan ka pa dumating?”

Tila biglang bumalik ang kanyang tensyon pagkarinig na naroroon ang lalaking kinaaasaran niya.

“Mark, pagod na ang mga paa ko,” pagdadahilan niya. “Could you take me somewhere na puwede muna akong magpahinga?” Iyon lang ang paraang naisip niya para hindi sila magkita ni Joseph pansamantala.

“Sa garden nitong hotel. Halika, malapit lang iyon dito,” aya nito.

Nang maipahinga na ang mga paa ay wala na siyang maisip na dahilan para patuloy pa silang manatili roon. “Gusto ko pa sanang magkuwentuhan tayo rito kaya lang baka hinahanap na ako ni Nanay Carmen,” aniya.

Wala nang nagawa si Mark kundi ang sumama sa kanya.

Pagbungad pa lang nila sa bulwagan ay nakita na siya ni Doña Carmen; kausap nito si Joseph. Pilit niyang pinakalma ang sarili bago harapin ang binata.

“Geri, Hija, kanina pa kita hinahanap. I want to introduce you formally to my nephew, Joseph,” lapit nito sa kanya na tila siyang-siya.

Nilingon muna niya ang kasama. “Salamat sa pagsama mo sa akin sa garden, Mark.”

“My pleasure,” anito. “Magkikita pa tayo, right?”

“Sure. See you around,” sabi niya at lumayo na ito sa kanya.

Nang muli siyang bumaling sa dalawa ay napansin kaagad niya ang bahagyang pagkunot ng noo ni Joseph. Wala pa man itong ginagawa o sinasabi ay nagsisimula na siyang makaramdam ng inis.

“Joseph, si Geri, ang aking bagong personal assistant. Geri si Joseph, pamangkin ko.”

Tumango lamang ang binata sa kanya kaya tinanguan din lang niya ito.

“I want to dance with you,” simpleng aya nito

pagkuwan.

Lumingon muna siya sa matanda na tila humihingi ng tulong dito. Subalit ngumiti lang ito sa kanya. “Go ahead, Geri. Sumayaw kayong dalawa,” sang-ayon pa nito.

Alanganin pa rin siyang pumayag.

“Please?” ani Joseph nang makita ang pagbabantulot niya.

“S-sure.” Wala siyang nagawa kundi ang pumayag.

Dinala siya nito sa pinakagitna ng bulwagan. Nang isinasayaw na siya, pakiramdam niya ay dikit na dikit ang katawan nito sa kanya. Sapo ng isang kamay nito ang maliit niyang baywang at ang isa naman ay sa itaas ng kanyang likod.

“Pakiluwagan mo naman ang pagkakahawak mo sa 'kin,” aniyang hindi na nakatiis.

Para naman itong walang narinig. “You are so beautiful,” bulong nito habang titig na titig sa kanya.

“Ang sabi ko, maaari mo bang luwagan ang pagkakahawak sa akin?” ulit niya, talagang naiinis na.

“What would you do kapag hindi kita sinunod?”

Nakita ni Geri ang kislap ng paghamon sa mga mata nito. Hindi na siya nag-isip nang matagal. Sumimple siya at mariing tinapakan ang kanang paa nito. Bigla nga siyang nabitiwan ni Joseph at sinamantala niya ang pagkakataong iyon para makalayo rito.

Pinuntahan niya si Doña Carmen na noon ay kausap ang may birthday.

“Excuse me po,” suyo niya rito. Nang makalayo na sila nang bahagya ay nagsabi agad siya sa matanda. “Nay Carmen, tinapakan ko po ang paa ng pamangkin ninyo.”

Sa halip na magalit ay naging amused pa ang expression ng mukha nito. “Bakit, Hija?”

“Ang higpit po kasi ng yakap niya sa akin at ayaw naman niyang luwagan, kaya po nagawa ko iyon sa kanya.”

“Served him right,” anitong nagtatawa.